

**Transcript of the Homily of Bishop Antonio R. Tobias, D.D.**  
**SONA Vigil 2018**  
**San Antonio de Padua Parish, Batasan-San Mateo Road, QC**  
**23 July 2018 | 2PM**

Senador Risa Hontiveros at si Senador Trillanes, andito din sa atin si Lorna Kapunan, mga minamahal kong mga kapatid, mga kabataan na naririto ngayon.

Katatapos lang nating pinakinggan ang mga payo sa atin ng mga Obispo sa Pilipinas: Mahinahon kayo pero huwag matakot.

‘Yan ... sapagkat ‘yan ang tahasang ipinayo sa atin.

At mga kapatid, naglaan kaming mga Obispo ng isang araw na panalangin at pakikipag-kasundo nuong July 16. Kaming mga matagal ng Obispo ay nagka-isa-isa na magtakda kami para sa aming mga sarili ang tatlong araw ng panalangin, pag-ayuno at pagkawang-gawa, bilang paghahanda natin sa SONA’ng ating pakikinggan sa araw na ‘to.

At dito sa ating Diocese of Novaliches, hinimuk ko at nakiisa ang lahat ng mga pari at mga madre na makiisa sa mga Obispo sa tatlong araw na ‘yan ng panalangin, ayuno at kawang-gawa.

Hindi naming iniutos ito sa lahat dahil may mga taong manggagawa na inaasahan nila ang kanilang araw-araw na suweldo para mabuhay ang kanilang pamilya ...

Kaya ngayon ang buong bansa ay handa ng makinig sa sasabihin ng ating Pangulo sa araw na ito sa kanyang SONA maya-maya.

At mga kapatid, sa araw na ito ay hinihiling ko na ang ating Pangulo ay tumingin sa paligid, dinggin ang mga hinaing ng mga tao, sapagkat napakahalaga ‘yan sa isang lider marunong makinig sa mga panaghoy ng kanyang nasasakupan.

Kaya sa aking panunungkulan – assignment – gusto ko’ng magpahayag sa ating Pangulo at sana ang aking pahayag ay ramdam at nanggagaling sa mga puso at mga isip, sa tinig ng mamamayan.

Ginoong Pangulo, ang ganda ng mga pangako mo nung ikaw ... nung iprisinta mo ang iyong sarili sa bansa na makapag-aayos ng problema ng bayan. Ano yun? Yung krimen, yung droga, at yung corruption sa government at ipinamukha mo sa amin na sa anim na buwan ay tatapusin mo na. Hindi kami naniwala dun pero pinagbigyan ka namin.

Pagkatapos ng anim na buwan, binigyan ka pa ng palugit. Pagkatapos ng dalawang taon, mas marami po ang namatay, ang mga nahuhuli na pinarusahan mo ... pati babae ay iyong

binabastos, at meron pang mas malala dito na nanatili ang corrupt practice ... Nagbigay ka ng mga mabibigat na tao, pagkatapos nun, mga ordinaryong drug users ang mga namamatay.

Kayo po ba ay nanlilinglang? Kayo po ba ay nangako ng isang bagay o ng mga bagay na hindi niyo magagawa dalawang taon nang nakalilipas.

Ikalawa, hindi niyo pinagtatanggol ang dignidad ng bayan ng Pilipinas. Sapagkat nanalo tayo sa International Court tungkol sa South China Sea at wala kayo'ng interes, pinabayaan mo at parang ibinigay mo, walang bayad ang ay ang...ng Pilipinas.

...Para kang nananakot, na dito sa mundo maaaring pumatay ng pari, tapos sasabihin mo humanda kayo, mga taga-simbahan kayo, pari ngayon sa susunod Obispo naman. Parang sinasabi mo...“Tobias pag hindi kayo tumigil diyan, isa rin kayo ...”

Ito'ng simba ngayon, susunod ka na Trillanes at Risa, nanakot. At mga kababayan, papayagan ba natin na tayo ay takutin? Ang leksiyon at ang kasaysayan ng simbahan, ang kasaysayang simbahan ay bukas sa mga dugo ng martir.

Ang dugo ng mga martir ay hindi nanginginig.

Kung saka-sakaling ipapapatay mo ang mga nasabi kong mga tao,yun lang ang aming payo... bigyan mo sila ng pagkakataon na lalo pang ihain ang kanilang saluobin.

Habang dumadami ang biktima ay lumalakas din ang di pag-sang-ayon sa iyo. Mahal namin Pangulo, ewan ko kung nakikinig ka ngayon sa amin, mamaya kami naman ang makikinig sa iyo. At kapagka hindi mo itong mga panukalang ito, hinihimuk ko ang buong bansa, lalung-lalo na dito sa Diocese ng Novaliches na kalampagin niyo ang anumang magagamit ninyo parang ipakita ninyo ang bansang Pilipinas at na laging nahihirapan, ang bansang nakasadlak na sa dusa.

Mga pinagpipitagang naming senador, ating mga pari, mga madre na pinagtangkaan ang buhay sa paglilingkod, tanda ng panahon na sinabi sa Ebangelyo ... tatlong araw, tatlong araw na nanaig ang kadiliman para sa bayan pero si Kristo pagkatapos ng tatlong araw na ito nanaig Siya at 'yan ang naging kasaysayan ng bansa.

Dayo kami sa kadiliman ... pero hindi sa walang kibo at walang pakikibaka, sapagkat mananaig ang bansang Pilipino, ang mamayang Pilipino na magpapakita ng kanilang sarili, "hoy hindi kami tanga, hindi kami takot," at diyan mabubuhay at maluluwalhati ang bansang Pilipinas.

Magandang hapon po sa inyong lahat.